

Mga hakbang sa pagbubukas ng paaralan upang maiwasan ang nakakahawang sakit na
Coronavirus

Hekinan City Lupon ng Edukasyon

Salamat sa inyong patuloy na pag-unawa at kooperasyon sa Edukasyon ng Hekinan City.

Sa Pagbubukas ng paaralan, isusulong namin ang mga aktibidad na pang-edukasyon sa pamamagitan ng mga sumusunod na hakbang upang maiwasan ang Bagong impeksyong Coronavirus. Hinihiling namin ang inyong patuloy na pakikipagtulungan.

1 Mga pangunahing hakbang upang maiwasan ang mga nakakahawang sakit

- (1) Pag-iwas sa tatlong siksikan (Saradong lugar, Siksikang lugar, malapitang mga eksena)
- (2) Pagsusuot ng Mask
- (3) Madalas na paghuhugas ng kamay, masusing pagmumumog
- (4) Pagdidisimpeksyon sa Paaralan
 - ① Disinpeksyon ng mga kagamitan at mga door knobs sa silid na ginagamit higit sa isang beses sa isang araw.
 - ② Kung may kaso ng impeksyon, susundin ang payo ng Public Health Center.
- (5) Kahilingan para sa mga magulang
 - ① Upang mapabuti ang kaligtasan sa sakit, mangyaring isaalang alang ang tamang pagtulog at tamang nutrisyon.
 - ② Kung mayroong mga sumusunod na sintomas, mangyaring kumunsulta sa 「Kinuura Tobu Public Health Center 0566-22-1699」
 - a. Mga sintomas ng sipon tulad ng banayad na lagnat at ubo na tumagal na ng 4 na araw o higit pa.
 - b. Kung mayroong mga malalakas na sintomas ng hirap sa paghinga (Dyspnea)、 pagkahapo (Fatigue) at mataas na lagnat.
 - ③ Mangyaring makipag-ugnayan kaagad sa paaralan, kung kinakailangan, gumawa ng hakbang tulad ng pagliban at pansamantalang pagsasara, kung meron ang mga ito:
 - a. Kung napag-alamang may impeksyon ang bata o kapamilya
 - b. Kung ang isang bata o kapamilya ay kinilala bilang high-risk contact
 - c. Kung ang isang bata o kapamilya ay pinaghihinalaang nahawaan at hinihiling na manatili sa bahay.

2 Pangunahing mga hakbang sa buhay paaralan

May 21 (Huwebes) ~ May 28 (Huwebes)

Hahatiin ang klase sa 2 grupo at alternate sa pagpasok sa paaralan tuwing makalawa.

3 oras na period lang sa umaga (walang tanghalian)

May 29 (Biyernes)

Lahat ng mag-aaral, 3 oras na period lang sa umaga (walang tanghalian)

Simula sa June 1 (Lunes)

Karaniwang pagpasok sa paaralan, 1 araw na klase (may tanghalian)

Kasama na ang Grade 1

Nagsisimula ang mag aktibidad sa club sa junior high school

(1) Bago pumasok sa paaralan

- Sukatin ang temperatura ng katawan at pagmasdan ang kalusugan at isulat sa Health Card at dalhin sa paaralan.
- Kung mayroong lagnat o nakakaramdam ng hindi maayos, mangyaring pigilin ang pagpunta sa paaralan.

(2) Klase

○Nagsasagawa ng mga aktibidad sa pag-aaral upang maiwasan ang mga pagtalsik ng mga droplets.

- Buksan ang mga bintana at regular na palitan ang hangin.
- Panatihin ang desk na nakaharap at ang distansya ng guro at ng bata, at sa pagitan ng mga bata.
- Pansamantalang hindi isasagawa ang group activities na may malapitang face-to-face.
- Pansamantalang hindi magsasagawa ng mga chorus, pagsasanay sa pagluluto o malakas na pagbabasa.
- Ang mga klase sa paglangoy ay kanselado sa taong ito.

(3) Tanghalian

- Sa oras ng tanghalian, magiging maingat sa paghuhugas ng kamay at pagdisinpeksyon at paggamit ng mask.
- Kumain sa desk nang walang pakikipag-usap at nakaharap sa unahan.

(4) Recess (Hoka)

- Tuturuan ng tamang pagsuot ng mask at pag-iwas sa tatlong sikisikan.
- Tuturuan na lumayo sa mga kaibigan, makipag-usap ng malakas at pag-eehersisyo ng nakakapagpapigil ng hininga.

(5) At iba pa

- Kung nakakaramdam ng sakit o nakakaramdam ng hindi maayos sa paaralan, tulad ng lagnat, pakisundo kaagad ang bata, umuwi sa bahay at mangyaring maghintay hanggang mawala ang mga sintomas .